REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

***Tanggapan ng Kalihim***
***Office of the Secretary***

Direct Line: 633-7208
E-Mail: deped@pacific.net.ph

MAR 07 2003

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 74, s. 2003

## PAGSASANAY PANGGURO TUNGKOL SA PAGPAPABUTI NG PAGTUTURO NG FILIPINO BATAY SA KAHINGIAN NG BEC-FILIPINO SA LEVEL SEKONDARI

Sa mga: Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Kaugnay ng isinagawang Pambansang Pagsasanay para sa mga Tagapagsanay sa Pagtuturo ng Filipino sa Level Sekondari Tuon sa Implementasyon ng Basic Education Curriculum (BEC) – Filipino noong Oktubre 2002 sa Lungsod ng Baguio, inaasahan na ang mga panrehyong tagapagsanay ay magsasagawa ng katulad na pagsasanay sa mga guro ng Filipino sa iba't ibang divisyon na malayo sa rehyon sa darating na tag-init bilang paghahanda sa Taong Panuruan 2003-2004

2. Kaugnay pa rin nito, hinihiling na maisama sa anumang pandivisyong pagsasanay ang mga SEDIP Division Trainors sa Filipino.

3. Inaasahan din ang isang ulat-narativ tungkol sa isinagawang pagsasanay makalipas ang isang linggo na dapat isumite sa Tanggapan ng Direktor III, BSE (Tawag-pansin: G. Arturo S. Cabuhat) Ang mahalagang datos na dapat mabatid ay ang mga sumusunod:

a. Bilang ng guro ng Filipino sa bawat divisyon na nasanay;
b. Bilang ng guro ng Filipino sa bawat divisyon na hindi nasanay at ang dahilan nito;
c. Bilang ng mga SEDIP Division Trainers na nasanay; at
d. Bilang ng mga SEDIP Division Trainers na hindi nasanay at ang dahilan nito.

4. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

EDILBERTO C. DE JESUS
Secretary

Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran: Blg. 287, s. 2002
Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
TEACHERS